

Panukala 101a

Build Power, Win Justice Core Resolusyon

Sa loob ng ilang daang taon, ang mga manggagawang nagbibigay ng serbisyo, pangangalaga, at pampublikong manggagawa mula sa lahat ng lahi, ay sama-samang bumuo ng lakas sa SEIU. Ang lakas ng ating unyon ay nagmumula sa pagsasama-sama nating milyon-milyong tao upang baguhin ang ating mga trabaho, ating mga komunidad, at ating mga bansa. Pinagbubuklod tayo ng ating mithiin para sa isang makatarungang lipunan: kung saan pinapahalagahan ang lahat ng manggagawa at iginagalang ang lahat ng tao, saanman tayo nagmula o anuman ang kulay ng ating balat; kung saan maaaring mabuhay ang lahat ng pamilya at komunidad; at kung saan mag-iiwan tayo ng mas makatarungan at patas na mundo para sa mga henerasyong darating.

Para sa mga taong nagtatrabaho na nagkakaisa sa SEIU, ang ating laban para sa hustisya ay ang ating nakaraan, kasalukuyan, at hinaharap. Mula sa pagtatatag ng ating unyon ng mga imigranteng flat janitor, hanggang sa matatapang na Latinx janitor ngayon na naninindigan laban sa sekswal na pag-atake; mula sa mga Black na manggagawa sa ospital na nagmartsa noong dekada 1960 para sa mga karapatang sibil, hanggang sa mga miyembro ng SEIU na sumali sa kanilang mga komunidad upang wakasan ang “pagpapahinto at pangangapkap” sa New York City; mula sa mga manggagawa ng pangangalaga ng bata ng lahat ng lahi na lumaban sa loob ng ilang dekada upang mabigyang-pansin ang kahalagahan ng kanilang kinakailangan at maunawaing trabaho, sa mga manggagawa sa airport na lumalaban sa mga malalaking airline dahil sa pagbibigay ng kakarampot na sahod; mula sa mga manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan na humihiling ng accessible at de-kalidad na pangangalaga para sa bawat pamilya, hanggang sa mga katuwang na propesor na lumalaban para sa abot-kayang pabahay habang tinuturuan ang ating susunod na henerasyon ng mga pinuno; mula sa kababaihang ipinaglalaman ang pagkakapantay-pantay at nilalabanan ang diskriminasyon at sekswal na panliligalig sa trabaho hanggang sa mga manggagawang LGBTQIA na nananawagan ng dignidad at Kalayaan sa diskriminasyon batay sa sekswal na oryentasyon, gender expression, o gender identity; mula sa mga manggagawang ipinaglalaman ang mga karapatan ng mga may kapansanan sa trabaho at sa kanilang mga komunidad hanggang sa mga manggagawa ng pangangalaga sa bahay at mga kliyenteng sama-samang nananawagan ng higit pang mga bagay; mula sa mga manggagawa ng pampublikong serbisyo na sama-samang sumali sa mga unyon kahit may mga batas na itinapat laban sa kanila, hanggang sa mga manggagawa sa fast-food na nagpasimula ng pagkilos at nakapagkamit ng \$15 kada oras para sa milyon-milyon.

Ipinagmamalaki natin ang ating kasaysayan ng paglaban para sa hustisya, ngunit alam natin na upang makamit ang ating mithiin para sa isang makatarungang lipunan, dapat nating malampasan ang mga batayang hamon ng hindi nasusuring lakas ng korporasyon at sistematikong rasismo. Dahil sa ilang dekadang mga pag-atake sa mga manggagawa at sa ating mga unyon, patuloy na naiipon ang yaman at lakas sa mga kamay ng mga korporasyon, bilyonaryo, at gahamang pulitiko na nagmanipula sa sistema laban sa mga pamilyang nagtatrabaho. At ang mga pamana ng pang-aalipin at kolonyalismo ay bahagi ng pang-araw-araw na buhay sa United States, Puerto Rico, at Canada. Dahil sa panggigipit sa botante, gerrymandering, at mga pag-atake sa mga karapatan sa pagboto, hindi ganap na nakakalahok ang mga voter of color sa ating demokrasya, at nababawasan ang lakas sa pulitika ng mga taong nagtatrabaho. Ginagamit ang mga imigrante bilang mga kasangkapan ng mga pulitiko na gumagamit ng takot upang ibaling ang ating atensyon mula sa malalaking bawas sa buwis ng korporasyon at bilyon-bilyong dolyar na ipinamimigay habang binabawasan nila ang pagpopondo para sa mga pampublikong serbisyo na kailangan ng ating mga komunidad. Lalo pang napag-iiwanan ang mga katutubong komunidad dahil sa siglo-siglong pasaning karahasan at rasismo laban sa kanila ng mga kolonyal na pamahalaan. Sa U.S., ang mga manlulupig na kumpanya ng pangangalagang pangkalusugan at insurance ay hindi nagbibigay ng sapat na pangangalaga sa mga community of color, at inilalagay ang mga pamilya ng lahat ng lahi sa panganib ng pinansiyal na pagkawasak, upang dagdagan ang kanilang kita.

Ang mga hamong ito ay hindi kailanman naging mas lantad at malinaw sa nakalipas na ilang buwan, dahil nakakita tayo ng pandaigdigang pandemiko kung saan may mga mababang sahod at kulang sa proteksyon na mahahalagang manggagawa sa mga frontline, economic depression kung saan milyon-milyong tao ang nawalan ng trabaho at nawawalan ng saklaw sa pangangalagang pangkalusugan, at paninindigan sa buong mundo upang depensahan ang Black lives laban sa karahasan ng pulisya at estado at upang itatwa ang sistematikong rasismo.

Sa panibagong paraan ay inilantad ng mga krisis na ito ang mga malalim na dibisyon at hindi pagkakapantay-pantay na matagal nang umiiral sa ating mga bansa. Ngunit naipakita rin ng mga ito ang kakayahang bumangon at ang lakas ng mga taong nagtatrabaho kapag nagsama-sama tayo. Pinaparangalan natin ang tapang at dedikasyon ng mga manggagawa ng pangangalagang pangkalusugan at iba pang esensyal na manggagawang nasa frontline na nangangalaga sa atin sa kabuuan ng pandemiko. Pinaparangalan natin ang dignidad ng mga manggagawang Asian American Pacific Islander na nakakaranas ng mga pag-ataking batay sa rasismo at takot sa mga dayuhan na pinalala ng mapanganib na retorika ng pangulo ng U.S. Pinaparangalan natin ang pamunuan ng mga Black na manggagawa sa paggawa ng pandaigdigang pagkilos mula sa iba't ibang lahi upang hilingin ang pagwawakas ng karahasan ng pulisya. Pinaparangalan natin ang mga imigranteng manggagawa na itinuturing na esensyal sa ating ekonomiya samantalang pinagkakaitan sila ng ganap na pakikilahok sa ating demokrasya. Milyon-milyon tayong nagtatrabaho araw-araw upang mapanatiling ligtas, malusog, at may makakain ang ating mga bansa. At milyon-milyon sa atin ang pumunta sa mga kalsada upang manghingi ng hustisya at accountability, upang manghingi ng kaligtasan para sa ating mga anak, upang wasakin ang masasakit na monumento sa Kumpederasyon, at upang sama-samang mangarap ng bagong paraan ng pagsulong.

Ngayon, dapat tayong kumilos nang mabilis at nang may paninindigan upang harapin ang mga nakakamatay na epekto ng hindi nasusuring lakas ng korporasyon at sistematikong rasismo. Dapat nating hamunin ang lakas ng korporasyon na nagpapatuloy sa yugto ng kahirapan sa maraming henerasyon at nagpapababa sa mga pamantayan para sa mga miyembro ng SEIU at lahat ng manggagawa. At dapat tayong manghingi ng mga solusyon mula sa pamahalaan na nakatuon sa mga community of color, buwagin natin ang mga patakarang may rasismo, at baguhin ang ating sirang sistema ng imigrasyon para akayin ang lahat ng tao mula sa dilim, upang matiyak na malusog at ligtas ang bawat pamilya na may pagkakataong mabuhay, anuman ang ating lahi, ang ating katayuan sa imigrasyon, ating kasarian, ating trabaho, o kung saan tayo nakatira.

Malaki ang ating paniniwala sa ganap na pagbabagong kasama ng pagsasaayos, pagkakapit-bisig, at sa pagbuo at paghawak ng lakas nang sama-sama -- at para sa isa't isa -- sa ating mga unyon. Gagamitin natin ang lakas na iyon upang yanigin ang sirang sistema at magmobilisa ng milyon-milyon. Mula sa mga manggagawa sa fast-food na bumuo sa lakas ng pagwewelga para sa mga bagong henerasyon ng manggagawa, hanggang sa matatapang na hinihiling ng mga guro at manggagawa sa paaralan na may libo-libong nagwelga sa buong bansa, hanggang sa mga dedikadong manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan isinusugal ang kanilang mga buhay para iligtas ang sa atin, at isinusugal ang kanilang mga trabaho para magsalita sa gitna ng pandemiko, hanggang sa mga manggagawang nagwewelga -- na kung minsan ay mag-isa -- para sa proteksyon sa panahon ng krisis, hanggang sa milyon-milyong pumunta sa mga kalsada sa buong mundo upang depensahan ang Black lives, nakita natin ang lakas ng mga taong nagtatrabaho sa pagyanig sa kasalukuyang nakasanayan.

Ang mahahalagang manggagawa ng SEIU at ang Fight for \$15 and a Union ay naninindigan upang magawa ang daang pasulong nang may pag-asa at determinasyong gumawa ng isang makatarungan at matatag na United States, Puerto Rico, at Canada kung saan mahalaga ang Black lives, kung saan may lakas ang mga miyembro ng SEIU na pagandahin ang mga sahod at benepisyo sa ating mga industriya, kung saan maaaring magsama-sama sa mga unyon ang mga taong nagtatrabaho mula sa lahat ng lahi upang magkaroon ng pwesto sa lamesa at makagawa ng mga trabahong makakabuhay ng pamilya, at kung saan ganap na makikilahok sa ating demokrasya ang lahat ng tao.

Nananawagan tayo para sa pagsasaayos sa ekonomiya at demokrasya ng ating mga bansa upang maantala ang mga siglo ng rasismo at kolonyalismo, mga henerasyon ng pang-aabuso ng korporasyon, at mga dekada ng mga pag-atake kontra sa unyon. Hindi tayo papayag na bumalik sa normal na hindi kailanman naging mahusay para sa mga taong nagtatrabaho. Nanghihingi tayo ng agaran at mabilisang pagkilos sa mga pangunahing industriya, korporasyon, at sa pamahalaan na tiyakin ang kalusugan, kaligtasan, at pangmatagalang kapakanang pinansyal ng mga taong nagtatrabaho saanman tayo nagtatrabaho, anuman ang ating lahi, o ang ating katayuan sa imigrasyon. Dapat nating baguhin ang mga panuntunan upang magawa ang mga susunod na henerasyon ng mga unyon na magbabago sa mga buhay ng milyon-milyong manggagawa at mabuo ang lakas na kailangan natin upang makamit ang hustisya para sa lahat.

Sa panahong ito ng krisis, kailangan natin ng mga agaran at makakapagpabagong solusyon upang umunlad ang ating mga bansa. Dapat nating malampasan ang bibihirang hamong ito upang pangunahing mabago ang ating pulitika, ekonomiya, at lipunan. Dapat tayong manguna sa pagbabago, mamuhunan sa malikhain at malawakang pagtitipon at aktibidad para sa manggagawa, humiling ng malalaking bagay upang makapagtayo ng mas malalakas na lokal na unyon at, kasama ang ating mga kapareha, baguhin ang mga panuntunan at bumuo ng lakas ng manggagawa para makuha ang hustisya kaugnay ng lahi at ekonomiya.

Samakatuwid, papabilisin natin ang ating trabaho upang mapagkaisa ang milyon-milyong manggagawa sa mga unyon mula sa iba't ibang employer at heyograpiya upang magkaroon ng lakas at matiyak ang demokrasya para sa iba't ibang lahi na magbibigay ng hustisya para sa lahat. Magsasagawa tayo ng agarang pagkilos upang manalo ngayon at upang mailatag ang pundasyon para sa ating pangmatagalang laban. Gagawin natin ang:

1. **Magsulong ng agenda at mga pagkilos na kontra sa rasismo.** Dapat tayong kumilos upang malabanan ang mga nakakamatay na epekto ng sistematikong rasismo sa ekonomiya at demokrasya ng America. Mula sa iba't ibang lahi, dapat tayong magsama-sama upang hamunin ang lakas ng korporasyon nang sa gayon ay mag-ambag ang pribadong sektor sa ating mga komunidad at ating bansa sa halip na manguha ng mga mapagkukunan at lakas-paggawa nang walang accountability. At dapat tayong manghingi ng mga solusyon mula sa pamahalaan na nakatuon sa mga community of color at buwagin ang mga patakarang may rasismo na nakakasakit sa ating lahat upang matiyak na malusog, ligtas, at secure ang bawat pamilya, anuman ang ating lahi, ang ating katayuan sa imigrasyon, ating trabaho, o kung saan tayo nakatira. Upang makahingi ng hustisya para sa mga Black na manggagawa at manggagawa ng bawat lahi, patuloy tayong makikihanay at magbibigay ng materyal na suporta sa Movement for Black Lives at mga katuwang na organisasyong pinapamunuan ng Black.
2. **Magkaroon ng mga tagumpay sa Unions for All.** Ang bawat taong nagtatrabaho, anuman ang ating lahi o katayuan sa imigrasyon, ay dapat magkaroon ng pagkakataong sumali sa mga unyon sa mga industriya at rehiyon upang mapaganda ang mga sahod at kundisyon sa pagtatrabaho. Magkaroon tayo ng mga tagumpay sa pangmatagalang pangangalaga, paglilinis/seguridad, at fast-food -- mga industriyang naapektuhan nang husto ng pandemiko ng COVID-19 at ng economic depression. Gagamitin natin ang ating lakas sa estado at kakayahang mag-organisa upang manalo sa mga sektor sa pamamagitan ng lehislatibo o ehekutibong pagkilos. Ipaglalaban nating ang bawat kandidato at maihahalal na opisyal ay magpapatupad ng makakapagpabagong agenda na direktang tumutugon sa lahi, imigrasyon, mga trabaho, pangangalagang pangkalusugan, at klima, at papanagutin sila sa mas mataas na pamantayan na sa partikular ay magsulat ng mga panuntunan upang makasali ang lahat ng manggagawa sa mga unyon upang tiyakin ang makatarungan at patas na ekonomiya.
3. **Lumaban para sa karapatan ng lahat na bumoto nang malaya, ligtas, at walang hadlang na manalo sa Nobyembre at mailatag ang pundasyon para sa isang demokrasyang totoo at para sa iba't ibang lahi.** Upang maisaayos ulit ang ating bansa, dapat nating maipanumbalik ang pagiging mabisa ng pamahalaan at maibalik dito ang kumpanyansa ng publiko -- at dapat tayong manalo sa balota sa Nobyembre. Magpapatupad tayo ng mga kumprehensibong kampanya upang matiyak na makakaboto nang malaya, ligtas, at madali sa pamamagitan ng

koreo at nang personal ang lahat ng botante ng lahat ng lahi, sa bawat ZIP code. Lalaban natin ang mga pag-aalis ng botante, mapanlinlang at mapanakot na pagmemensahe, at ang mga pagpapasara ng mga lokasyon ng botohan sa mga community of color. Hihikayatin natin ang mga miyembro at madalang na voter of color na lumabas at bumoto para sa hustisya batay sa lahi, ekonomiya, pangangalagang pangkalusugan, imigrante, at klima. Palalawigin natin ang demokrasya sa pamamagitan ng pananagumpay ng reporma sa imigrasyon at pagkakaloob ng pagkamamamayan sa 10 milyong hindi dokumentadong imigrante. Babaguhin natin ang pagsaklaw ng distrito sa 2021 upang mawakasan ang rasismo at partisanong gerrymandering na sistematikong nag-alis ng karapatang bumoto sa mga community of color.

4. **Bigyan ng boses ang bawat pinunong miyembro, at tiyaking magkakaugnayan ang bawat miyembro habang gumagawa tayo ng mga bagong espasyo upang lumago ang ating pagkilos.** Daragdagan natin ang ating paggamit ng mga digital na kagamitan at ang ating pagiging malikhain upang maabot at mapakilos ang mga miyembro at manggagawa. Bibigyan natin ang mga miyembro ng mga kagamitan upang mahikayat sa organisasyon ang kanilang mga katrabaho at komunidad, mamumuhunan sa paggawa ng mga bagong online na espasyo para sa ating pagkilos, at patuloy na mag-iisip ng mga bagong paraan upang marinig ang mga boses ng manggagawa. Ang bawat miyembro ay magkakaroon ng digital na pamamaraan upang makapanghikayat, at ang bawat hindi miyembro ay magkakaroon ng digital na paraan upang makasali. Sa harap ng walang tigil na mga pag-atake mula sa mga organisasyong kontra sa mga manggagawa, mangangalap kami ng mga bagong manggagawa at mga hindi miyembro upang panatilihin malakas ang ating unyon. Mula sa krisis na ito, lalabas tayong isang mas sustainable at dynamic na organisasyon upang maipaglaban ang ating mithiin para sa isang makatarungang lipunan.

Naninindigan tayong patuloy na makikipaglaban upang manalo ang Unions for All, upang makasali sa isang unyon ang bawat manggagawa saanman siya nagtatrabaho; upang makabuo ng demokrasyang para sa iba't ibang lahi kung saan maaaring lumahok ang lahat ng tao, saanman sila galing o anuman ang kanilang kulay; at upang makabuo ng SEIU na may mahusay na pinunong kontra sa rasismo, na pinapatakbo ng bagong henerasyon ng mga pinuno ng manggagawa na nagkakaisa sa malalakas na lokal na unyon. Sa pamamagitan ng mga pangunahing paninindigang ito, bubuo tayo ng lakas sa mga estado at probinsya na hahantong sa pagkakaroon ng lakas sa buong bansa upang makamit ang hustisya para sa lahat sa mga darating na taon: hustisya sa lahi, hustisya sa ekonomiya, hustisya sa pangangalagang pangkalusugan, hustisya sa imigrasyon, at hustisya sa klima.

Sa sandaling ito gaya ng dati, alam ng mga miyembro ng SEIU at mga taong nagtatrabaho na nagkakaisa sa Fight for \$15 and a Union ang lakas ng pagsasama-sama sa isang unyon. Sa pamamagitan ng ating mga unyon, naitataguyod natin ang ating mga pamilya at komunidad, napapalago ang ating lakas sa pulitika, at naisusulong ang ating mga laban para sa hustisya sa lahi at ekonomiya upang maitama ang mga maling nakikita natin sa ating mga lugar ng trabaho, sa ating mas malalawak na komunidad, at sa ating mga bansa. Mas lalakas tayo kapag pinag-ugnay ang ating mga laban. Tayo ay bubuo at hahawak ng lakas sa ekonomiya at pulitika sa ating mga unyon upang mailunsad at manalo sa mga labang ito para sa hustisya, na maghahatid ng ating inaasam na makatarungang lipunan para sa susunod na isang daang taon. **Alam nating kapag lumaban tayo -- nang sama-sama -- mananalo tayo.**